Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7'4

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 23, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 152-T-2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 02-T2010 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGPAPATIBAY NG MGA PANGUNAHING PROYEKTO SA IBA'T-IBANG BARANGAY UPANG MAPASAMA SA MUNICIPAL DEVELOPMENT PLAN 2010.**

**SAPAGKA'T,** iniliwat sa sangguniang ito ng Kagalang-galang Punong Bayan Domingo G. Panganiban ang Kapasiyahan Blg. 02-T2010 na nagpapatibay ng mga pangunahing proyekto sa iba't-ibang barangay upang mapasama sa Municipal Development Plan 2010;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi, Lupon sa Batas at Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa para sa pagtalakay at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng pagtukoy sa mga proyekto na nangangailangan ng paglalaan para sa agarang pagpapatupad ay inirekomenda ng Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar at Rolando Moises E. Acapulco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02-T2010 ng Muncipal Development Council na nagpapatibay ng mga pangunahing proyekto sa iba't-ibang barangay upang mapasama sa Municipal Development Plan 2010.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Municipal Development Council, Pambayang Pinunong Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan